

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS

Pinanukalang 2020 Badyet ng Brampton para pasulungin ang Alituntunin sa mga Prayoridad ng Konseho para sa mga residente ng Brampton

BRAMPTON, ON (Pebrero 4, 2020) – Makikita na online ngayon ang Pinanukalang 2020 Badyet ng Lungsod ng Brampton. Ang Pinanukalang 2020 Badyet ng Lungsod ng Brampton ay sumusuporta sa Alituntunin ng mga prayoridad ng Konseho ng Lungsod na nagpapasulong bilang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, Lungsod na Maingat Laban sa Polusyon, Global Warming at Iba Pa, Nakalulusog at Ligtas na Lungsod, isang Lungsod ng mga Oportunidad at Binubuo ng mga Taong may Iba't Ibang Kultura. Magsisimula ang mga talakayan sa Badyet sa 1 pm sa Pebrero 18, na may pinal na pag-apruba ng Badyet na nakatakda sa 7 pm sa Pebrero 26.

Makikita ang kumpletong talaan ng mga mahahalagang petsa para sa mga pagpupulong ng Komite ng Badyet, [mga highlight sa Badyet](#), at ang [kumpletong panukala sa Badyet](#) sa website ng Lungsod. Wini-welcome ng Lungsod ang pagrepaso ng publiko at feedback sa Pinanukalang Badyet sa 2020.

Ang batayang panukala ng Lungsod sa Komite ng Badyet ay 1.2% netong pagtaas ng Badyet para sa 2020 kung ihahambing sa 2019. Kung maaprubahan, magbubunga ito sa pagtaas ng buwis ng propyedad sa Brampton nang 0.5%, o average na \$27 bawat sambahayan, para tustusan ang 2020 Badyet ng Lungsod.

Sa kanilang bill sa buwis ng propyedad, makikita ng mga tagabayad ng buwis ang kabuuang pagtaas ng buwis na 1.8%, o average na \$91 kada sambahayan. Ito ay pinagsamang kabuuan, kabilang ang 0.5% ng Lungsod ng Brampton, ng Rehiyon ng Peel at ng Peel District School Board.

Sa panahon ng pagtalakay sa Badyet, maaaring repasuhin ng Komite ang mga senaryo para sa karagdagang mga kahusayan o pamumuhunan.

Mga mahahalagang highlight ng panukala sa 2020 Badyet

- \$136M sa loob ng tatlong taon para sa pagbili ng 120 bagong mga bus: 88 para sa paglago at 32 kahaliling bus para sa nalulumang sasakyan
- \$41M para sa mga update sa mga daan ng Lungsod at aktibong mga daan ng transportasyon para ilipat ang mga tao sa mas ligtas na mga paraan na naglalarawan sa ating commitment sa pagiging Lungsod na Maingat Laban sa Polusyon, Global Warming atbp.
- \$9.8M sa loob ng tatlong taon para mas pagandahin ang mga pang-isport na lugar, mga trail at mga playground sa mga lokal na parke ng Llungsod

- \$650,000 sa loob ng tatlong taon para sa photo radar sa mga ligtas na zone ng komunidad para masiguro ang mas ligtas na lungsod
- \$9M sa loob ng tatlong taon para sa LED retrofit ng mga ilaw sa daan para sa mas matipid na pagkonsumo ng kuryente
- \$8M sa loob ng tatlong taon para sa Paunang Disenyo ng Queen Street Rapid Transit.
- \$2.9M sa loob ng tatlong taon para sa Hurontario Main-Street LRT para bigyan ng daan ang mas mahusay na pagiging konektado ng rehiyon
- \$2M para sa dalawang Center para sa Kabataan sa mga Panlibangang Center ng Century Garden at South Fletcher
- \$5M sa loob ng limang taon para sa Ryerson Innovation Zone sa Downtown Brampton
- \$9.8M sa loob ng tatlong taon para sa mga upgrade sa mga kasangkapan sa pag-apula ng apoy at mga Fire truck ng Brampton para sa mas mabilis at mapagkakatiwalaang tugon sa sunog

Magbigay ng komento

Hinihimok ng Lungsod ang mga residente, mga negosyo, at mga stakeholder na repasuhin ang pinanukalang Badyet at ibigay ang inyong feedback sa alinman sa sumusunod na mga paraan:

- Magpadala ng email: Magtanong o magbigay ng komento sa budget@brampton.ca.
- Damputin ang telepono: Tawagan ang 311 para ibigay ang inyong input.
- Sumali sa Telephone Town Hall: Lumahok sa isang Telephone Town Hall sa Pebrero 18 mula 7 hanggang 8 pm, kung saan ang sapalarang napiling mga numero ng telepono ay tatawagan. Para idagdag ang numero ng inyong telepono sa talaan ng tatawagan, [mag-sign up sa website ng Lungsod](#) bago lumipas ang Pebrero 17.
- Magtalaga nang personal: Isumite ang [hiling sa delegasyon na](#) dumalo at magsalita sa Komite ng Badyet o sa pagpupulong ng Konseho para sa pag-apruba ng Badyet. Ang mga form ng delegasyon ay maaari ring punan nang personal sa Tanggapan ng Klerk ng Lungsod sa City Hall, 2 Wellington Street West.
- Dumalo sa isang pagpupulong. Dumalo sa mga pagpupulong ng Komite ng Badyet sa City Hall at magtanong kaugnay ng agenda sa araw na iyonbilang bahagi ng panahon ng pagtatanong ng publiko sa dulo ng pagpupulong ng Komite ng Badyet.

Mga Quote

“Ang Pinanukalang 2020 Badyet ng Brampton ay ginabayan ng Alituntunin sa mga Prayoridad ng Konseho, at nakatuon sa paghahatid ng de-kalidad na mga programa at serbisyo, pinapahusay ang mga oportunidad ng paglago, at mabilis at responsive sa pambansa at pandaigdigang trend. Ang mga kahusayan sa operation at paglago ng kita ay nakatulong sa makatwirang pagbalanse ng mga pagtaas sa buwis sa propyedad sa senaryo ng balangkas na ito na pupunta sa Komite ng Badyet. Committed ang Lungsod sa pagdadaos ng bukas at transparent na mga talakayan sa Badyet at tinatanggap ang input ng mga residente ng Brampton nitong mahalagang proseso ng pagtayo ng Lungsod.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal*

“Ang panukala sa Badyet ay naglalarawan sa commitment ng Lungsod ng Brampton sa pagbalanse sa mga pangangailangan ng lumalaking populasyon, at paghahatid ng napakahusay na mga serbisyo na inaasahan ng ating mga residente at mga negosyo, sa pinaka-mahusay at matipid na paraan. Ang patuloy na imprastruktura at mga pamumuhunan sa transportasyon ay makakatulong sa pagtugon sa ating lumalaking mga pangangailangan sa pagkumpuni at paghalili at sa nagpapatuloy na pagpapalawak ng ating network ng transportasyon para sa hinaharap.”

- *David Sutton, Tesorero*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca